ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 2
Enero 21, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Ipaglaban ang libre at ligtas na bakuna sa Covid-19

Ang lubhang nahuhuli at kakulangan ng suplay ng bakuna sa Covid-19 ang pinakahuli sa animo'y walang katapusang kapalpakan, pagpapabaya at korapsyon ng rehimeng Duterte sa pagharap nito sa pandemyang Covid-19.

Halos isang buwan mula nang simulan ang malawakang pagbabakuna sa iba't ibang panig ng mundo, wala pang isinasagawang hakbangin ang gubyernong Duterte para tiyaking mapoproteksyunan ang malaking bahagi ng populasyon ng Pilipinas sa Covid-19.

Katunayan, walang balak ang gubyerno ni Duterte na manguna sa ganitong malawakang pagbabakuna. Sa badyet ng 2021, naglaan lamang ito ng mahigit dalawang porsyento (2.7%) ng tinatayang gagastusing ₱72 bilyon para bakunahan ang 60% ng populasyon. Ang iba ay uutangin nito sa World Bank at Asian Development Bank.

Inoobliga nito ngayon ang ilang malalaking kapitalista na i-"donate" ang kalahati ng kani-kanilang bibilhing bakuna. "Wala akong pakialam" ang sabi ni Duterte sa mga lokal na gubyernong nagkakani-kanya na sa pagbili ng bakuna sa mga kumpanyang parmasyutika, pero inoobligang isama ang pambansang gubyerno sa mga pakikipag-areglo. Ang mga lokal na gubyernong kulang ang pondo ay tiyak na huli ring makakukuha ng bakuna.

Kulang na kulang ang planong bilhin para sa libreng pagbabakuna. Aabot lamang sa 42 milyong dosis ang diumano'y nakontratang bilhin na ng pambansang gubyerno (Sinovac), mga LGU at pribadong kumpanya (AstraZeneca). Kahit lahat ito'y ipamahagi, sapat lang ito sa 21 milyon o 19% ng 110 milyong Pilipino, malayo sa rekomendadong 60% mabakunahan. May ilang milyon ding papasok na gawa ng Moderna, Novavax, Pfizer para sa mga gustong bumili.

Umaalingasaw ang katiwalian sa pagbili ng bakuna. Noong Setyembre pa nagpahayag ng pagpabor si Duterte ng pagbili ng bakuna mula sa China at Russia. Ilang buwan na ang mga sikretong negosasyon. Nag-unahan ang mga upisyal ni Duterte sa pagsara ng mga kontrata hanggang kinontrol niya ito sa paghirang sa isang "hari ng bakuna," na nag-anunsyo kamakailan na selyado na ang kontrata sa pagbili ng bakuna na gawa ng kumpanyang Sinovac ng China, kahit pa hindi klaro ang presyo nito o maging kung gaano ito kaepektibo. Malaking halaga ang pinaniniwalaang ibinulsang kikbak ni Duterte at mga upisyal ng gubyerno. Kilala ang Sinovac sa buong mundo sa panunuhol.

Ayon sa anunsyo ng mga upisyal ni Duterte, katapusan ng Pebrero ang pinakamaagang pagdating ng mga bakuna. Pero bago pa nito, nakapag-iniksyon na ang malalapit na tauhan ni Duterte, kabilang ang

mga sundalong personal niyang bantay, na labis na ikinagalit ng mga manggagawang pangkalusugan na dapat ay prayoridad na mabakunahan. Napabalita rin ang iligal na pagpasok ng bakuna mula sa China para iniksyunan ang 100,000 manggagawang Chinese sa mga POGO.

Tumatampok ngayon sa Pilipinas at buong mundo kung papaanong hawak ng iilang monopolyong kapitalista ang pagpapaunlad ng mga bakuna. Pinauunlad at minamanupaktura ito hindi para sa interes ng sangkatauhan kundi para kumamkam ng tubo. Ang pandemyang Covid-19 ay sinasamantala ng mga higanteng kumpanya sa parmasyutika na ngayon ay nag-uunahang kontrolin ang malaking bahagi ng pamilihan. Walang pagtutulungan, bagkus naglilihiman at nagkukumpetisyon ang mga kumpanyang ito. Isinisikreto ng mga ito ang pananaliksik at kaalaman tungkol sa pagpapaunlad ng bakuna. Inililihim din ang negosasyon sa bentahan para maibenta ito sa pinakamataas na presyo.

Ang Pilipinas ay walang kapasidad na magpaunlad o magmanupaktura ng sariling bakuna o mahahalagang gamot, liban sa *paracetamol*. Sa ilalim ni Duterte, lalo pang binawasan ang badyet para sa pananaliksik. Kaya pagdating sa bakuna sa Covid-19, hawak ng mga monopolyong kapitalista at dayong gubyerno ang mga Pilipino sa leeg. Kasosyo nila ang mga lokal na malalaking kapitalista at kasabwat ang mga burukrata-kapitalista sa gubyerno.

Sa harap ng pandemyang Covid-19 na nakahawa na sa mahigit kalahating milyong Pilipino, at mahigit 95 milyon sa buong mundo, at ikinamatay ng mahigit 2 milyong katao, puspusan ang pagsisikap ng iba't ibang bansa na isakatuparan ang malawakang programa ng pagbabakuna. Nangunguna ang mga kapitalistang bansa tulad ng United Kingdom, United States, Japan, China, Canada, New Zealand, Australia, Singapore at iba pa sa pagbili ng sobra-sobrang bakuna para sa kanilang mamamayan. Maging ang di maunlad na bansa tulad ng Cuba, India, Vietnam, Iran at iba pa. ay nakapagpaunlad ng sarili nilang bakuna at magsasagawa ng libreng pamamahagi nito.

Hinihikayat ng Partido ang lahat ng Pilipino na magpabakuna kontra sa Covid-19. Ito ay para sa kalusugan ng mga indibidwal at ng buong lipunan. Ang malawakang pagpapabakuna ng populasyon ay isa sa susing hakbangin upang mapigilan ang pagkalat ng Covid-19. Kasabay nito, dapat respetuhin ang pasya ng mga indibidwal batay sa kanilang pinanghahawakang mga paniniwala.

Dapat isagawa ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang malawakang pagpapaunawa at pagtataas ng kaalaman ng mamamayan tungkol sa bakuna upang pawiin ang pangamba o maling paniniwala kaugnay nito. Dapat tulungan ang lahat na unawain ang kahalagahan ng bakuna.

Kailangang igiit ang pagsasapubliko ng mga pananaliksik sa pagpapaunlad ng mga bakuna kontra sa Covid-19. Ito ay upang magkaroon ng matatag na batayan ang mga tao sa pagpili ng bakunang gusto nilang ipa-iniksyon sa kanilang katawan.

Dapat ipaglaban ng sambayanang Pilipino ang libreng pagbabakuna sa Covid-19. Kailangan igiit ang obligasyon ng estado na tiyaking mayroong libre at ligtas na bakuna para sa lahat ng nais magpabakuna. Ilantad at batikusin ang kakulangan sa badyet at ang korapsyon ng mga upisyal ng gubyerno sa mga sikretong negosasyon sa pagbili ng bakuna.

Kasabay nito, dapat patuloy na ipaglaban ang libreng *testing* at libreng pagpapagamot sa Covid-19. Dapat patuloy na itulak ng sambayanan ang pagpapalakas sa pampublikong sistemang pangkalusugan. Dapat itaas ang badyet para sa pagpapaunlad ng mga pampublikong ospital, pag-eempleyo ng mas maraming nars at manggagawang pangkalusugan at pagtataas ng kanilang sahod.

Ang pagbabakuna ay mahalagang bahagi ng pagkontrol sa pagkalat ng nakahahawang sakit. Maraming mga sakit ang napawi o nakontrol sa pamamagitan ng bakuna. Isa ito sa mahalagang siyentipikong sandata ng sangkatauhan. AB


ANG Bayan

Tomo LII Blg. 2 | Enero 21, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Ipaglaban ang libre at ligtas na bakuna sa Covid-19 1

Datos ng mga bakunang gagamitin sa Pilipinas 3

Protesta laban sa pagbasura sa UP-DND Accord 3

*Economic cha-cha*, pagtatraydor 4

Mga berdugong sundalo, inambus ng BHB 5

Helikopter ng Solcom, inisnayp ng BHB 5

Kampanyang rekrutment sa Bicol 6

Suplay ng gulay, kukulangin na rin 6

Sobrang pagtaas sa presyo ng karneng baboy 7

Bangkay ng unyonista, ipinagkait sa pamilya 8

Sa madaling salita 9

Krisis sa pulitika sa huling araw ni Trump 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Datos kaugnay sa mga bakunang planong gamitin sa Pilipinas

NOONG ENERO 18, tinatayang nasa 42.2 milyong dosis na ang nabakunahan sa 51 bansa. Tinatayang nasa abereyds na 2.43 milyong dosis naman ang naituturok kada araw. Aabot naman sa 8.33 bilyong dosis ang ipinareserba na ng pinakamalalaking kapitalistang bansa. Kabilang ang Pilipinas sa mga bansang kinakailangan pang maghintay hanggang sa susunod na taon para mapunan ang pangangailangan sa bakuna.

Sa ngayon, limitado pa ang impormasyon kaugnay sa bisa ng mga bakuna. Sa isang banda, ito ay dahil sa kumpetisyon at paglilihiman ng monopolyong mga kumpanya sa parmasyutika. Sa kabilang banda, dulot ito ng kakagyatan ng sitwasyon kung saan kailangan nang ilabas ang mga bakuna sa pinakamaagang panahon. Sa nakaraan, umaabot sa tatlong taon ang pananaliksik at pagpapaunlad ng bakuna bago ito pahintulutang gamitin sa pangkalahatang publiko. Ang mga bakuna laban sa Covid-19 ay isinalang sa *testing* nang halos anim na buwan lamang.

Ayon sa tagapagsalita ng rehimen noong Enero 18, nakapagpareserba pa lamang ang Pilipinas ng 25 milyong dosis mula sa Sinovac, 17 milyong dosis mula sa AstraZeneca, 10 milyong dosis sa Moderna, at 30 milyong dosis sa Covovax. Karamihan sa mga ito ay wala pang badyet pambili at hindi alam kung kailan darating sa Pilipinas.

Sa ngayon, hindi bababa sa 21 malalaking syudad sa Pilipinas ang nagsabing maglalaan sila ng sariling pondo pambakuna sa kani-kanilang mga residente.

*SANGGUNIAN:*

- *Kumpanya/Institusyon*
- *Bisa*
- *Temperatura ng imbakan*
- *Presyo*

## CoronaVac (China)

- Sinovac Life Sciences
- 50.4%-91.25%
- 2-8°C
- ₱680-₱1,487.5

## AZD1222 (UK)

- AstraZeneca-University of Oxford
- 70%
- 2-8°C
- ₱305

## BNT162b2 (US)

- Pfizer at BioNTech
- 95%
- -70°C
- ₱1,180

## mRNA-1273 (US)

- Moderna at US National Institutes of Health
- 94.1%
- 2-8°C
- ₱1,952-₱2,252

## Sputnik V (Russia)

- Gamaleya Research Institute of Epidemiology and Microbiology
- 92%
- 2-8°C
- ₱560

## Covovax (US)

- Novavax
- 2-8°C
- ₱183

*NOTA: Kalakhan ng presyo ay batay sa inilabas ng World Health Organization at Center for Disease Control ng US. May ilang pagkakaiba ito sa mga presyo na unang lumabas sa pagdinig ng Senado.*

## Protesta laban sa pagbasura sa UP-DND Accord

HIGIT 200 ANG nagtipon sa University of the Philippines (UP)-Diliman, Quezon City noong Enero 19. Kinundena nila ang unilateral na pagwawakas ni Department of National Defense (DND) Sec. Delfin Lorenzana sa kasunduang UP-DND na nagbabawal sa pagpasok ng pulis at militar sa kampus nang walang paalam.

Layunin ng maniobrang ito na pahintulutan ang militar na manghimasok sa UP na dati nang pinag-initan ng rehimen. Nilalabag nito ang kalayaan sa akademya at inaapakan ang demokratikong espasyo ng unibersidad. Habang walang laman ang kampus dulot ng ipinatutupad na *online learning*, malayang makakapaglabas-masok ang mga sundalo sa lugar. Katunayan, walang kaabog-abog na pumasok ang militar sa UP sa sumunod na araw.

Pinuntirya na rin ng alipures ni Duterte sa kongreso ang pagpapabasura sa kaparehong kasunduan sa pagitan ng Polytechnic University of the Philippines at DND.

Upang labanan ito, dapat matapang na depensahan ng mga estudyante ang kampus sa pamamagitan ng pagtitipon dito para ipamalas ang kanilang pagtutol.

# *Economic cha-cha*, pagtatraydor sa gitna ng pandemya


Muling pinaarangkada ng mga kampon ni Rodrigo Duterte sa Senado at Kongreso ang pakanang *charter change* o pagbabago ng Konstitusyong 1987 pagpasok ng 2021.

Sa Mababang Kapulungan, sinimulan na noong Enero 13 ang pagdinig ng komite para sa pag-amyenda sa konstitusyon sa Resolution of Both Houses No. 2 (RBH2) sa tulak ni House Speaker Lord Allan Velasco. Si Velasco ang awtor ng naturang panukala na tinaguriang "one-line-cha-cha" o isang linyang *charter change*. Laman nito ang pagsisingit ng mga salitang “unless otherwise provided by law” (liban kung may nakasaad sa batas) sa mga seksyon sa Kontitusyon na naglilimita sa dayuhang pagmamay-ari sa lupa, likas na yaman, pampublikong yutilidad, intitusyong pang-edukasyon, midya at *advertising*. Kung mapagtibay ang gayong pagbabago, maaaring baguhin o tanggalin ng Kongreso sa hinaharap ang naturang mga probisyon sa pamamagitan ng pagpasa ng mga batas kaugnay dito. Target nito ang mga seksyon na pumapatungkol sa pambansang patrimonya at ekonomya; edukasyon, syensya at teknolohiya, arte, kultura at isports; at mga pangkalahatang probisyon. Pangunahing layunin nito na itodo ang liberalisasyon na magbibigay ng pahintulot sa mga dayuhan na 100% na magmay-ari ng lupa at mahahalagang negosyo na sa ngayon ay inirereserba sa mga Pilipino.

Giit ni Velasco, ang pagpapatupad ng *cha-cha* na ito ay upang makabangon ang bansa mula sa pandemya sa pamamagitan ng pag-akit sa dayuhang pamumuhunan. Pero ayon sa mga pag-aaral, hindi dayuhang puhunan ang kailangan ng bansa kundi malaki-laking alokasyon upang subsidyuhan ang nagigipit na mga empresa at mamamayan para muling pasikarin ang ekonomya.

Dambuhalang kita, at hindi pagpapaunlad ng ekonomya ang pakay ng mga dayuhang kapitalista sa Pilipinas. Ayon sa Ibon Foundation, tuluy-tuloy at papalaki ang pumasok na dayuhang kapital sa bansa mula pa dekada 1980 sa kabila ng mga restriksyon sa konstitusyon. Mula abereyds na $187 milyon noong dekada 1980, nasa $6.3 bilyon na ito sa 2015-2019.

Sinaid lamang ng mga dayuhang kumpanya ang rekurso ng bansa at pinakinabangan ang murang lakas-paggawa ng mga Pilipino para magkamal ng dambuhalang kita. Hindi naging instrumento ang dayuhang kapital para palaguin ang ekonomya at paunlarin ito para makatayo sa sariling paa. Litaw na litaw ito sa panahon ng pandemya kung saan walang kakayahang magmanupaktura ng batayang pangangailangang medikal ang bansa. Nakaasa ang mga Pilipino at mga manggagawa nito sa suplay, pagpepresyo at kapritso ng dayuhang mga kumpanya sa batayang mga kagamitang medikal at gamot. Wala silang magawa kundi maghintay na maambunan ng bakuna.




Sa Senado, ibinunyag ni Sen. Tito Sotto na kinausap siya ni Duterte noong Nobyembre 2020 na buhayin ang *charter change* para sipain ang mga progresibong partido sa Kongreso sa pamamagitan ng pagbabasura sa sistemang *party-list* at itulak ang mga amyenda sa mga probisyon sa ekonomya. Mayroon nang inihapag ang dalawa niyang alipures na senador na panukalang pagbubuo ng *constituent assembly* para sa “limitadong mga amyenda" noon pang Disyembre 2020.

Binatikos ng Partido ang *economic cha-cha* at pagpapalabas na hindi ito kasing-sama ng nagdaang mga *cha-cha* na nakasentro sa mga probisyon sa pulitika. Anito, ang deklaradong layuning pagbibigay sa mga kapitalistang dayuhan ng karapatang buong pagmay-arian ang lupa, natural na yaman at mga negosyo ay katumbas ng ganap na dayuhang pagkubabaw sa ekonomya. Sa gayon, nagtatraydor si House Speaker Velasco at kanyang mga kasapakat sa pagsusulong ng buubuong pagkolonya ng mga multinasyunal na korporasyon sa Pilipinas, sa pakikipagsabwatan sa mga lokal na kumpanya ng malalaking burgesyang kumprador.

Wala pang nakaupong rehimeng hindi nagtangkang baguhin ang Konstitusyong 1987 para tanggalin ang nalalabing mga proteksyon sa ekonomya. Batayang patakaran ng sunud-sunod na mga burukrata-kapitalistang gubyerno, na nagsisilbing ahente ng malalaking burgesyang kumprador, ang pag-akit sa mas maraming dayuhang pamumuhunan sa pamamagitan ng liberalisasyon.

Huling inilusot ng mga alipures ni Duterte ang *cha-cha* sa Kongreso noong Disyembre 2018 sa pangunguna ni dating House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo. Hindi ito pumasa sa Senado. AB

# Mga berdugong sundalo sa Abra, inambus ng BHB

INAMBUS NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Abra (Agustin Begnalen Command) ang mapang-abuso at berdugong mga sundalo ng 24th IB at 72nd Division Reconnaissance Company noong Enero 4 sa Barangay Pacgued, Malibcong, Abra. Siyam ang napaslang sa opensiba kabilang ang platun lider na si 2Lt. Zaldy D. Lapis, Jr..




Mabilis ang isinagawang sorpresang pag-atake ng yunit ng BHB sa mga sundalo. Isang buwang nanghalihaw at naglunsad ng nakapokus na operasyong militar sa mga komunidad ang naturang yunit. Inisnayp ng BHB ang rumespondeng helikopter na walang patumanggang nagistraping sa naturang lugar. Nagpaulan ng 23 bomba ang Super Tucano Bomber Plane na nangwasak sa mga taniman ng magsasaka at kagubatan mula Enero 5 hanggang 7.

Talamak ang krimen ng 24th IB at 72nd DRC sa mamamayang Abreño. Kabilang dito ang pamamaril sa anim na kabataang nangingisda sa Barangay Lan-ag, Lacub noong Pebrero 2020. Nakaligtas ang mga biktima pero nagdulot ang pamamaril ng matinding takot sa mga residente. Isa sa mga biktima ang tagapangulo ng Sangguniang Kabataan ng barangay. Pinalabas pa ng mga sundalo na mga kasapi umano ng BHB ang naturang mga kabataan. Liban dito, notoryus ang yunit sa pagnanakaw at pangraransak ng mga bahay ng sibilyan.

Mula 2018 hanggang 2019, walang tigil ang panggigipit at pananakot ng 24th IB sa mga kasapi at lider ng Kakailian Salakniban Tay Amin a Nagtaudan, lokal na balangay ng Cordillera People's Alliance sa Abra.

**Negros.** Labing-tatlong sundalo ng 62nd IB ang napaslang sa pananambang ng isang yunit ng BHB-Central Negros noong Enero 10. Pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalo sa Sityo Batong-buang, Barangay Trinidad, Guihulngan, Negros Oriental.

Higit isang linggo nang nananalasa ang operasyong militar ng 62nd IB sa komunidad. Pinasingungalingan ni Ka JB Regalado, tagapagsalita ng naturang yunit ng BHB, ang pahayag ng militar na may isa pang engkwentrong naganap noong hapon ng parehong araw. "Isa itong misengkwentro sa pagitan ng pwersa ng 62nd IB at mga CAFGU," ayon pa sa kanya. Kontra-aksyon ang opensiba sa mga atake at panggigipit ng rehimeng Duterte sa mamamayang Negrense.

**Albay.** Tatlong maiiksing armas ang nasamsam ng BHB-Albay (Santos Binamera Command) sa pananambang nito sa 31st IB noong umaga ng Enero 17 sa Barangay Banquerohan, Legazpi City. Tatlong sundalo ang napatay.

**Rizal.** Dalawang beses na inambus ng BHB-Rizal ang isang platun ng pinagsanib na tropa ng 80th IB at Philippine National Police-Rizal sa Sityo Dapis, Barangay Puray, Rodriguez noong Enero 4. Isa ang napatay at maraming sugatan sa mga sundalo.

**Panay.** Tatlong armadong opensiba ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma noong Disyembre 2020. Dalawang beses na inambus ng BHB-Capiz ang nag-ooperasyong tropa ng 12th IB sa Barangay Buri, Tapaz, Capiz noong Disyembre 9. Samantala, pinasabugan ng BHB-Iloilo ang mobil ng pulis sa Barangay Balicuas, Tubungan, Iloilo noong Disyembre 16. Isa ang napaslang at walo ang sugatang sundalo sa mga opensiba. AB

# Helikopter ng Solcom, inisnayp ng BHB-Mindoro

NAITABOY NG ISANG yunit ng Bagong Hukbong Bayan-Mindoro (Lucio de Guzman Command) ang papalapag na helikopter na S70i BlackHawk ng Armed Forces of the Philippines matapos itong paputukan sa San Jose, Occidental Mindoro noong Enero 9.

Palapag na sana ang naturang helikopter sa Sityo Mantay, Barangay Monte Claro para ihatid ang mga upisyal ng AFP Southern Luzon Command. Pangangasiwaan ng naturang mga upisyal, kasama si AFP Solcom Chief Lt. General Antonio Parlade, Jr. ang programa ng sapilitang pagpapasuko sa mga residente.

Napilitan sina Parlade na maglakad na lamang tungo sa susunod na baryo habang napapalibutan ng mga sundalo para makaalis sa lugar.

Samantala, isang helikopter na Huey (UH-IH) ng AFP ang bumagsak sa Sityo Nahigit, Barangay Bulonay, Impasug-ong, Bukidnon noong Enero 16. Anim na beses nagpabalik-balik ang naturang helikopter na nagsagawa ng pagmomonitor at nagdedeliber ng suplay sa nag-ooperasyong mga sundalo sa mga hangganan ng Misamis Oriental, Agusan del Sur at Bukidnon. Dahil dito, ipinag-utos ng Departmet of National Defense ang pansamantalang pagpapatigil sa paggamit ng mga Huey na helikopter. AB

# Kampanyang rekrutment sa Bicol

Para ikampanya ang pagpapapultaym sa Bagong Hukbong Bayan, naging susi ang dedikasyon ng mga kagawad ng sangay ng Partido sa Baryo Higos sa Bicol.

Upang makatugon sa target na mag-ambag ng 10 bagong rekrut, itinakda sa bawat kagawad ng sangay ang pagrekomenda ng maaaring mapapultaym, pangunahin mula sa kabataan. Kabilang sa mga batayan ang edad, rekord ng pagkatao, pagiging kasapi ng organisasyon at inabot na edukasyon, mga magulang at kapamilya at kahandaan sa pagiging kasapi ng hukbo.

Tuluy-tuloy na pagpapaliwanag ang ginawa ng sangay sa mga interesadong sumapi sa hukbo. Halos araw-araw silang pinupuntahan sa kanilang bahay at kasabay na kinakausap ang pamilya. Tumutulong din sa produksyon ang sangay at doon lalong ipinauunawa sa kanila ang ugat ng kanilang paghihirap sa araw-araw. "Ipinaliliwanag namin na walang ibang solusyon sa krisis kundi ang pagkakaisa't paglaban, at ang armadong porma nito ang pinakawasto at angkop," sambit ni Ka Mario, isang kagawad ng sangay.

Liban sa mga pag-aaral sa loob ng mga organisasyong masa, binibigyan din ang mga target pasampahin ng pag-aaral sa Regulasyong Militar. Ipinauunawa sa kanila ang kahalagahan ng buong-panahong pagseserbisyo sa hukbo at kahandaang maitalaga saanman kakailanganin.

Resulta ng pagsisikap ng sangay, matagumpay na nakapagpapultaym ng pitong mandirigma ang Baryo Higos nitong nakaraang taon. Ilang kabataan ang nagpartaym din. "Mayroon pa kaming isang platun ng milisya na mapanggagalingan ng mga bagong rekrut," dagdag ng kasama.

Kahit mga Pulang mandirigma na ang kanilang mga kababaryo ay pana-panahon pa rin silang kinukumusta ng sangay. Katuwang rin ang sangay sa pagbigay-atensyon sa mga alalahanin ng naiwang mga pamilya.

Motibasyon din sa mga nirerekrut ang nakikitang mahusay na halimbawa ng mga kagawad ng sangay. "Kung nais naming makapagpapultaym, dapat kumilos din kaming pultaym sa baryo. Natutunan naming tiyakin na maglaan ng panahon sa bawat araw upang bigyang atensyon ang mga problema, interes at pangangailangan ng aming mga kababaryo," pagtatapos ni Ka Mario.




### Suplay ng gulay, kukulangin na rin

SA HARAP NG nagtataasang presyo ng gulay, walang plano ang Department of Agriculture na palakasin ang produksyon nito sa bansa. Ito mismo ang nag-anunsyo sa posibilidad na magkararanas ang bansa ng 79 araw na kakulangan ng gulay ngayong taon. Tinatayang aabot sa 434,841 metriko-tonelada (MT) ang kukulangin, katumbas ng konsumo ng mga Pilipino sa loob ng dalawa at kalahating buwan.

Noon pang nakaraang taon inirereklamo ng mga mamimili ang pagsirit ng mga presyo ng gulay na dulot ng kakulangan ng suplay. Tinatayang tumaas nang 60% ang mga presyo ng gulay sa pangkalahatan mula pa Nobyembre. May mga gulay na halos doble ang itinaas ang presyo.

Imbes na resolbahin ang kakulangan sa lokal na suplay, mas inuna ng rehimen ang pagpapalakas ng produksyon ng mga produktong pang-eksport. Naglaan ito ng ₱360 milyon para sa Productivity Enhancement Project, isang proyekto para sa pagpapaunlad ng produksyon ng pang-eksport na mga pananim gaya ng saging, kawayan, mangga at sibuyas. Pinakamalaki ang inilaan para sa saging (₱220 milyon). Pawang mga malalaking prodyuser na nakarehistro sa Security Exchange Commission ang maaaring makinabang dito at hindi ang maliitang mga magsasaka. Sa kabilang banda, naglaan lamang ito ng tig-₱3,000 ayudang pera at ₱2,000 ayudang pagkain sa tinatayang 900,000 libong magsasaka para sa buong taon o katumbas ng kakarampot na ₱8 kada araw.

# Sobrang pagtaas sa presyo ng karneng baboy




Marami ang nagalit sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga produktong pagkain, laluna ng karneng baboy, sa Luzon mula pa noong Disyembre 2020. Sa pinakahuling ulat ng Department of Agriculture (DA), tinatayang pumalo na sa ₱380 hanggang ₱420 kada kilo ang presyo ng liempo sa Metro Manila, habang ₱320 hanggang ₱380 naman ang sa kasim. Malayung-malayo ito sa itinakdang *suggested retail price* ng DA na ₱290 at ₱260 para sa naturang mga produkto.

Pinangangambahang papalo sa ₱400 ang abereyds na presyo ng karneng baboy sa darating na mga linggo dahil sa nakaambang pagtigil ng pagpapadala ng suplay ng baboy sa Luzon mula Visayas. Halos katumbas na ito ng arawang sahod ng isang manggagawa.

Malaki ang epekto nito sa bayan dahil ito ang pangunahing karne na kinokonsumo ng mga Pilipino. Sa abereyds, tinatayang kumokonsumo ang kada Pilipino ng 15.6 kilo ng karneng baboy bawat taon, mas mataas sa pandaigdigang abereyds na 14.2 kilo. Samantala, kumokonsumo naman ang bawat Pilipino ng 12.8 kilo ng karneng manok, at 3.1 kilo ng karneng baka.

Dahil sa napakataas na presyo ng karneng baboy, maraming Pilipino ang natutulak ngayon na kumonsumo na lamang ng ibang produktong karne. Pangunahing itinuturong dahilan sa pagtaas ng presyo ang pagbagsak ng suplay ng baboy dulot ng pagkalat ng pandemyang African Swine Fever (ASF) sa bansa. Ang ASF ay isang bayrus na nakahahawa sa mga baboy. Wala pa itong bakuna. Lahat ng baboy na nahahawa nito ay namamatay. Para pigilan ang pagkalat, pinapatay hindi lamang ang mga baboy na nahawa kundi pati ang mga kasama nito sa babuyan o bakuran. Walang epekto sa tao ang ASF.

Noon pang maagang bahagi ng 2020 napag-alaman ng rehimen na babagsak ang produksyon ng karneng baboy nang minimum na 10%. Sa kabila nito, walang kagyat na programa ang Department of Agriculture (DA) para apulain ang pandemya at proteksyunan ang lokal na mga prodyuser. Wala rin itong inilaang sapat na pondo para sa mga apektadong magsasaka, laluna sa maliitang mga magsasaka na nag-aalaga ng mga baboy sa kani-kanilang mga bakuran.

Matapos ang dalawang taong pananalasa ng bayrus, ngayon pa lamang nagpatupad ang DA ng programa para sa pagpoprodyus ng mga *test kit* para sa ASF. Aabot sa ₱10 milyon ang inilaan para sa produksyon ng mga ito na nagkakahalaga ng ₱45 kada isa. Ngayon pa lamang din ito naglaan ng kakarampot na ₱400 milyong pondo para sa muling pagpaparami ng mga baboy.

Sa ngayon, tinatayang mahigit 431,000 baboy na ang pinatay sa Pilipinas mula nang kumalat ang bayrus noong 2019. Pinakaapektado ang mga nag-aalaga ng baboy sa Luzon, kung saan nasa 4 hanggang 5 milyong baboy (53%-67% ng inaalagaan) ang hindi na napakinabangan. Sa nakaraang mga buwan, nasa 200,000 baboy na ang dinala sa Luzon mula sa Visayas (Cebu) at Mindanao (Gen. Santos City) para punan ang kakulangan ng suplay doon.

Sa halip na ibangon ang lokal na produksyon, inianunsyo ng DA noong Enero 8 ang plano ng rehimen na ipagpatuloy ang ganitong kalakaran ng paglilipat ng suplay ng karne tungong Luzon. Hindi nito mareresolba ang kakulangan sa suplay at posibleng magbunsod pa ng pagtaas ng presyo sa mga eryang pinagkukunan ng malakihang bolyum.

Mas masaklap pa, ginagamit ng ahensya ang kakulangan ng suplay para itodo ang importasyon hindi lamang ng karneng baboy, kundi pati ng karneng manok at baka. Noong nakaraang taon, nag-angkat ang bansa ng 895 milyong kilong karne, kalakhan (45%) ay karneng manok. Kumpara sa 2019, tumaas nang 18% ang bolyum ng inangkat na manok sa 2020. Tumaas din ang sa karneng baka (45%) at karneng kalabaw (10%). Kalakhan ng *imported* na karne ay ginagamit sa pagprodyus ng mga pinrosesong produktong karne gaya ng delata, *hotdog*, *corned beef* at iba pa na tumaas ang demand sa panahon ng pandemya. Pinakamalaking bahagi ng mga angkat ay mula sa US.

Tulad sa nakaraan, dagdag na importasyon ang sagot ng DA sa kakulangan ng suplay ng karneng baboy. Balak nitong triplehin ang iaangkat na karneng baboy sa 2021, sa kabila nang napakamahal na presyo nito sa pandaigdigang pamilihan.

Samantala, nagbababala na rin ang mga mangingisda at mga negosyante sa pagmamanukan ng posibilidad na pagtaas ng presyo ng kanilang mga produkto dulot ng pagbaling ngayon ng mga konsyumer sa isda at karneng manok. AB

# Bangkay ng pinatay na unyonista, ipinagkait sa pamilya

UMABOT SA MAHIGIT tatlong linggo bago ibinigay sa pamilya ang bangkay ni Vilma Salabao, unyonista na kabilang sa minasaker ng pulis at mga tauhan ng 2nd ID sa isang manggahan sa Sityo Malalim, Barangay San Jose, Baras, Rizal noong Disyembre 17, 2020.

Kabilang din sa mga biktima sa naturang masaker sina Carlito Zonio, tagapangalaga at punong upisyal sa seguridad ng manggahan; magpinsan na sina Jonathan at Niño Alberga, mga gwardya; at si Wesley Obmerga. Si Obmerga ay may tuberkulosis at sakit sa bato, samantalang may kanser si Salabao. Tinagurian ang mga biktima bilang Baras 5.

Sa imbestigasyon ng Karapatan-Southern Tagalog, nakitaan ng mga palatandaan ng matinding tortyur ang mga bangkay ng mga biktima.

Matapos ang karumal-dumal na krimen, nagtanim ng mga ebidensyang baril at pasabog ang mga pasista upang palabasing mga kasapi sila ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Unang ibinalita ng 2nd ID sa pamumuno ni Lt. Gen. Antonio Parlade, Jr. na umano'y mga kolektor ng rebolusyonaryong buwis ang kanilang mga biktima, at napatay nang manlaban. Makalipas ang ilang linggo, sinabi naman ni Sec. Eduardo Año ng Department of Local and Interior Government na mga partisano umano ang mga biktima.

**Pamamaslang.** Pinatay ng Philippine National Police (PNP)-Camarines Sur si Aldren Lagdaan Enriquez, aktibong myembro ng Camarines Sur People's Organization na pinaratangang myembro ng BHB noong Enero 6 sa Barangay Sagrada, Iriga City. Pinasok ng 30 pulis ang kanyang bahay at walang awa siyang binaril sa harap ng kanyang dalawang batang anak.

Pinatay din ng PNP-Region 5 si Eddie Barcoma Belludo ng Sityo Camenorial, Barangay Banquerohan, Legazpi City noong Enero 11. Pinaratangan siyang myembro ng hukbong bayan at tinamnan ng ebidensyang baril at pasabog.

**Panggigipit.** Sinampahan ng gawa-gawang kasong pagpatay si Windel Bolinget, tagapangulo ng Cordillera Peoples Alliance (CPA) batay sa paratang ng isang pulis sa Tagum City, Davao Del Norte. Pinaratangan siya at siyam pang indibidwal sa pagpatay kay Garito Tiklonay Malibato, myembro ng grupong Lumad na Karadyawan, noong Marso 2018. Si Malibato ay pinatay ng paramilitar na Alamara.

**Iligal na pag-aresto.** Inaresto sina Ruel Custodio at Ruben Estocado, parehong magniniyog na myembro ng Coco Levy Funds Ibalik Sa Amin, ng pinagsanib na pwersa ng mga pulis at sundalo ng 201st IBde sa Barangay Zone 3, Poblacion, Atimonan, Quezon noong Disyembre 26. Inakusahan silang mga myembro ng BHB at tinamnan ng mga baril at pasabog. Hindi sila pinahintulutang madalaw ng kanilang mga pamilya.

**Pagdukot.** Hindi pa rin inililitaw ang magsasakang si Anselma Garde, 31, mula nang siya ay dukutin ng 62nd IB noong Enero 17 sa Sityo Batong-Buang, Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental.

Sa parehong araw, kinanyon at binomba ng militar ang bukiring bahagi ng mga barangay ng Sandayao, Trinidad, Binobohan, Imelda at Tacpao sa parehong bayan. Nagresulta ito sa pagbabakwit ng nasa 100 pamilya. AB

**Panay.** Noong Enero 7, sapilitang pinabalik ni Meyor Roberto Palomar ng Tapaz, Capiz ang may 500 pamilyang Tumandok na nagbakwit matapos arestuhin at patayin ng mga pulis ang kanilang mga lider noong Disyembre 30, 2020. Sa inisyal na ulat may 300 din na ang sapilitang pinasurender ng AFP sa Tapaz.


**Caloocan City.** Daan-daang residente ng Caloocan ang umalma matapos mag-anunsyo ang DSWD na kanselado ang proseso ng beripikasyon sa ikalawang pamamahagi ng Social Amelioration Program sa lugar noong Enero 13. Nireklamo din nila ang *online* na sistema ng pagrerehistro ng DSWD na Starpay dahil sa dami ng hinihinging rekisito at kawalan ng klarong gabay kung paano makukuha ang ayuda.

**Navotas.** Para bigyang daan ang proyektong reklamasyon ng San Miguel sa Tanza, Navotas, 30 pamilyang mangingisda ang pinalayas noong Enero 15 ng mga tauhan ng San Miguel Corporation dahil magsisimula na ang konstruksyon sa lugar. Daing ng mga residente, binabaha at delikado ang lugar ng kanilang relokasyon. Pinagbawalan din silang mangisda sa tabing-dagat.

**Negros.** Mahigit 7,000 pamilya ang apektado sa dalawang magkasunod na biglaang pagbaha sa mga bayan ng Talisay, Silay, Victorias at EB Magalona sa Negros Occidental noong Enero 1 at Enero 9. Umabot sa ₱16.5 milyon ang halaga ng nawasak na ari-arian at kabuhayan.

**Cebu City.** Nagdeploy ang militar ng mga tangke at mga sundalo sa mga barangay ng Pasil, Sawang Calero, Suba at Ermita sa Cebu City noong Enero 15. Ligalig at kalituhan ang idinulot ng animo'y *martial law* sa lugar. Tatlong araw na namalagi ang mga sundalo dito.

# Bagong baryant, nakita na sa Pilipinas



nagpositibo ang lalaking edad 29 mula Quezon City noong Enero 13. Pumunta siya sa U.A.E noong Disyembre 27, 2020 at bumalik noong Enero 7.

# 2.8%

**lamang ng GDP** ang **inilaan** ng rehimeng Durterte para **pampasikad sa ekonomya**.

Napakaliit at halos walang pinagkaiba sa nagdaang mga taong wala pang pandemya. Pinakamaliit ito kumpara sa mga pondong pampasikad ng mga bansa sa Asia.

*Pinagkunan: Ibon Foundation*

---

## kakarampot na, pinagkakait pang alawans

pangkomunikasyon ng mga titser para sa *blended learning.*

# ₱300/ buwan

---

# ₱0.2744 PER KWH

* *kung kumukunsumo ka ng 200 Kwh, may ₱55 kang dagdag bayarin.*

planong dagdag singil ng MERALCO

ngayong Enero, kasabay ang bantang puputulan ng serbisyo ang lahat ng di nakapagbayad ng buo sa kanilang mga bayarin mula Marso.

---

**namatay** sa **pagitan** ng **Enero at Oktubre 2020** dulot ng mga sakit na **walang kinalaman sa Covid-19.**

# 438,809

*Pinagkunan: Phillipine Statistics Authority*

# $13.36B

## o tumataginting na ₱641.28 bilyon

(sa palitang $1=₱48)

ang **inutang** na ng rehimen para sa **tugon diumano** nito sa **pandemya**. Walang impormasyon kung saan at paano ito gagamitin, liban sa **₱70 bilyon** na **nakalaan diumano sa pambili ng bakuna**.

---

# $6.79 bilyon

## halaga ng yaman ni Manny Villar,

ang **nag-iisang Pilipino** na nasa listahan ng **500 pinakamayayamang bilyunaryo sa buong mundo**. Ika-375 siya sa listahang pinangungunahan ng negosyanteng si Elon Musk (halaga: $197 bilyon).

*Pinagkunan: Bloomberg Billionaires Index*

# ₱8.8 bilyon

magiging minimum na taunang kita ni Ramon Ang sa pagbubukas ng SKYWAY 3

SMC INFRASTRUCTURE

oras maningil ng **₱110** simula Pebrero 1 sa **110,000** paparoon at paparitong **motorista**. Ibig sabihin, **5 taon**, **bawi na ang puhunan**.

# Pagtining ng krisis sa pulitika sa huling mga araw ni Trump

Sa ikalawang pagkakataon, si President Donald Trump ng US ay na-*impeach* sa Kongreso sa botohan noong Enero 12, walong araw bago siya palitan ni Joseph Biden sa White House. Si Trump ang pinakaunang presidente ng US na dalawang beses na na-*impeach*.

Pangunahing laman ng kasong *impeachment* laban kay Trump ang *incitement to insurrection* o pag-uudyok ng insureksyon. Batay ito sa ilang linggo na niyang pagkakalat ng mga kasinungalingan tungkol sa eleksyong Nobyembre 2020 at sa kanyang talumpati sa isang rali noong Enero 6 na nagresulta sa mga "aktong marahas, mapangwasak at *seditious* (mapang-upat ng paglaban sa estado o awtoridad)." Tinutukoy dito ang bigong pagsalakay ng mga grupong maka-Trump sa nakaupong Kongreso ng US kung saan lima ang napatay at marami ang nasugatan.

Liban sa nabanggit na talumpati, laman din sa *impeachment* ang pagtatangka ni Trump na baligtarin ang resulta ng lokal na eleksyon sa Georgia. Una nang sinampahan ng *impeachment* si Trump noong Disyembre 2019, pero pinawalang-sala siya ng Senado noong Enero 2020.

Ang impeachment ay rurok ng krisis sa pulitika at ekonomya ng US na kinatatangian ng isa sa pinakamatinding krisis sa kalusugan, pagtindi ng krisis sa kabuhayan ng mamamayang Amerikano at pagtining ng kanilang disgusto sa kontra-imigrante, rasista at pasistang administrasyon ni Trump.


**Pagsalakay sa Capitol Hill**

Noong Enero 6, sinalakay ng mahigit 2,000 tagasuporta ni Trump ang seremonyal na pagbibilang ng mga botong elektoral na isinasagawa ng mga kongresista at senador sa Capitol Hill (tawag sa kulumpon ng mga gusali kung saan ginaganap ang mga sesyon ng Mataas at Mababang Kapulungan ng Kongreso ng US). Ang pagbibilang ang huling hakbang para maideklara nang nanalo si Joseph Biden bilang ika-46 na presidente ng US.

Kulminasyon ang pagsalakay sa Kongreso sa mahigit dalawang buwan na pagtanggi ni Trump sa kanyang pagkatalo sa eleksyon. Paulit-ulit ang walang basehan niyang pagdedeklara na "landslide" ang kanyang pagkapanalo gayong napakalayo ang naging resulta ng bilangan. Lamang si Biden sa kanya ng 7 milyong boto sa pangkalahatang eleksyon. Malayo rin ang panalo ni Biden sa botong elektoral—306 sa kanyang 232.

Ilang oras bago nila pasukin ang Kongreso, inudyukan ni Trump ang kanyang mga tagasuporta na "magmartsa tungong Kongreso" para "itigil ang pagnanakaw" ng eleksyon. Ilan sa kanila ay armado at nagbalak na "dakpin" ang aabutan nilang pinangalanan ni Trump na mga "traydor sa demokrasya."

Sa loob ng Kongreso, 100 kongresista at 13 na senador ang nagbalak na kwestyunin ang mga resulta ng boto. Iniimbestigahan ngayon sa US ang naging papel ng mga kapartido ni Trump na senador at kongresista sa planado na pananalakay.




**Patalsikin sa anumang paraan**

Itinuloy ang pag-*impeach* kay Trump sa Kongreso matapos tumanggi si Vice President Pence na tanggalin siya sa pwesto gamit ang Amendment 25 ng Konstitusyong US. Pinahihintulutan ng probisyong ito na tanggalin ng mga myembro ng gabinete ang nakaupong presidente, sa tulong ng Kongreso, at palitan siya ng kanyang bise.

Ayon sa mga Democrat, mahalagang ma-*impeach* si Trump para magsilbi itong halimbawa para sa susunod na mga kaso at para pagbawalan siyang tumakbo sa 2024 sa anumang pwesto sa gubyerno. Pinagdedebatehan pa kung ang kaso laban kay Trump ay lilitisin sa bagong uupong senado.

Sa pagtatapos ng kanyang termino, isa-isa nang dumistansya ang mga upisyal, negosyante at ibang mga kapartido ni Trump sa kanyang administrasyon. Marami nang myembro ng kanyang gabinete ang nagbitiw sa pwesto.

Marami nang mga kumpanya ang nag-atras ng kanilang mga donasyon sa partidong Republican. Bago pa man nito, isinara na ng mga higanteng kumpanyang *social media* (Facebook, Twitter at Instagram) ang mga *account* ni Trump na matagal na niyang ginagamit para sulsulan ang kanyang mga tagasuporta at magkalat ng disimpormasyon.

Noong umaga ng Enero 20, hatinggabi sa Pilipinas, sumumpa na bilang ika-46 na presidente ng US si Biden, at natapos na ang paghahari ni Trump. AB